Allah

“Sapagkat ako’y naniniwala na ninais ng Allah na ito ay aking isagawa”

Matapos ang pagbibigay ng isang mahusay na panayam hinggil sa kababaihan sa Islam, nagsimulang sumagot sa mga tanong ang mahusay na tagapanayam na babaeng Muslim. Napatawa, napamangha at napaluha niya ang mga tagapakinig na para bang sila’y inutusang gawin ang mga iyon. Subalit ang kanyang sagot sa huling tanong na “Bakit po kayo nagsusuot ng belo?” ang higit na naikintal at tumatak sa kanilang isipan pagkatapos nilang umalis.

Ang kanyang sagot ay payak ngunit masidhi: “Sapagkat naniniwala akong ito ang nais ng Allah na gawin ko”.

Ang labis na kapuna-puna sa walang pagsisising pagkakasabi sa karaniwang sagot na iyon ay ang taong nagsatinig nito. Narito ang isang taong nakahihigit ang talino na kilalang maingat at mapanuri sa pagtitimbang ng bawat salita at diwa. Siya noon ang nangunguna sa kanyang klase sa paaralan ng medisina. Siya ngayon ay isa na sa mga nagungunang doktor sa kanyang larangan. Samakatuwid, ang babaing ito ay hindi pangkaraniwan. Sa kabila ng bawat intelektuwal na pamamaraang maaari niyang sundin, ang prinsipyong gumagabay sa kanyang buhay ay ang hindi matitinag na paniniwala sa pagkakaroon ng isang Banal na Lumikha at ang kanyang pakikipag-ugnayan Dito.

Karamihan sa mga tuntunin at ritwal sa Islam ay makabuluhan at maipapaliwanag nang makatuwiran, tulad ng pagbabawal sa alak, pagsusugal at iba pang mga bisyo. Subalit ang dahilan ng bawat pagsamba – isang kategoryang ang sinasaklaw ay higit pang mas malawak kaysa sa inaakala sa kasalukuyan –

ay iisa: ang Allah. Sa pagkakataong ang pangunahing batayan ng sopistikado at siyentipikong usapan ay ang hindi paniniwala sa pagkakaroon ng Diyos, patuloy na pinaninindigan ng mga Muslim hindi lamang ang pagkakaroon nila ng Diyos kundi maging ang pagiging pinakasentro Nito ng lahat ng kanilang mga gawain. Sabi ng Allah sa Banal na Qur'an: "At lahat ng nasa mga kalangitan at ng nasa kalupaan ay lumuluwalhati sa Kanya. At Siya ang Makapangyarihan sa lahat, ang Marunong sa lahat." (59:24).